

Kaligtasan ng Bakuna sa COVID-19: Ano ang Dapat Malaman



Ligtas ang mga bakuna

Dumaan sa pinakamasinsinang pagsusubaybay para sa kaligtasan sa kasaysayan ng U.S.¹ Ang lahat ng bakuna ay ganap na inaprubahan o inawtorisahan para sa pang-emergency na paggamit ng U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S.)—na ang ibig sabihin ay walang nakita ang FDA na malubhang alalahanin sa kalusugan.

Patuloy na susubaybayan ang mga bakuna para sa kaligtasan at pagiging epektibo habang ginagamit ng publiko ang mga ito. Maraming nakahandang sistema ang United States para maghanap ng mga isyu sa kaligtasan at mabilis itong mahuli kung mangyari man ang mga ito.



Gumagana ang mga bakuna

Maaaring nakakita ka ng impormasyong nagpapahiwatig na ang ilang bakuna ay mas mabuti kaysa sa iba. Ipinakita ng mga klinikal na pagsubok na ang lahat ng available na bakuna ay lubos na mabisa sa pag-iwas sa COVID-19. Mahirap ikumpara ang mga pagkakaiba-iba ng mga bakuna dahil sinuri ang mga ito sa magkakaibang oras at lugar. Ang ilan ay sinuri pa laban sa iba pang strain ng COVID-19.

Kapag ikaw ay ganap nang nabakunahan, posible pa ring magkaroon ka ng COVID-19, ngunit maliit ang posibilidad na magkaroon ka ng malubhang sakit o kakailanganin mong magpunta sa ospital. Ipinakita sa mga pag-aaral na ang bawat bakuna ay may hindi bababa sa 85 porsyentong bisa sa pag-iwas sa **malubhang** sakit na COVID-19. Napigilan din ng mga bakuna ang pagkakaroon ng maraming tao ng **anumang** sintomas ng COVID-19:

- Johnson & Johnson (Janssen), 74 na porsyento
- Pfizer-BioNTech, 95 porsyento
- Moderna, 94 na porsyento

Normal ang mga side effect

Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Ngunit, tulad ng sa iba pang bakuna, maaari kang makaramdam ng mga side effect. Mga palatandaan ito na gumagana ang bakuna. Para sa mga bakunang may dalawang dosis, maaaring mas malubha ang mga side effect pagkatapos ng pangalawang dosis. Kung maaari, bigyan mo ang iyong sarili ng oras para magpahinga at makabawi sa isa o dalawang araw pagkatapos tumanggap ng dosis. Para sa mga bakuna sa COVID-19 na kailangan ng dalawang dosis, siguraduhin mong kukunin mo ang iyong pangalawang dosis. Hindi ka magiging ganap na protektado hanggang sa dalawang linggo pagkatapos mong makuha ang iyong pangalawang dosis.

Sa iyong braso kung saan ka binakunahan:

- Pananakit
- Pamumula
- Pamamaga



Sa iyong buong katawan:

- Pagkapagod
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng kalamnan
- Panginginig
- Lagnat
- Pagduduwal



¹ Centers for Disease Control and Prevention: "Safety of COVID-19 Vaccines (Kaligtasan ng Mga Bakuna sa COVID-19)". Marso 25, 2021, available online sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/safety-of-vaccines.html> (available lamang sa Ingles).



Mga palatandaan ng allergic na reaksyon

Napakabihira ng pagkakaroon ng mga allergic na reaksyon sa bakuna, ngunit maaaring mangyari ang mga ito. Oobserbahan ka ng klinika nang hindi bababa sa 15 minuto pagkatapos ng iyong pagpapabakuna kung sakaling magkaroon ka ng allergic na reaksyon. Sinanay sila para tumugon at alamin kung paano ka matutulongan.

Tumawag sa 911 kung mayroon kang allergic na reaksyon pagkatapos mong umalis sa klinika. Kabilang sa mga palatandaan ng allergic na reaksyon ang: kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na tibok ng puso, malalang pamamantal sa buong katawan mo, pagkahilo, at panghihina.

Tulongan kaming mabantayan ang anumang alalahanin sa kaligtasan










Mag-sign up para sa V-safe para iulat ang anumang side effect: vsafe.cdc.gov (available lamang sa Ingles). Makakatulong ang iyong pakikilahok sa aming pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bakuna para sa lahat.




Maaari ding iulat mo o ng iyong provider ng bakuna ang mga malubhang side effect sa the Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS, Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Epekto ng Bakuna). Ginagamit ng FDA, Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at ng Department of Health (DOH, Departamento ng Kalusugan) ng Estado ng Washington ang VAERS para mabantayan ang mga trend o posibleng problema.

Maaari kang magpasa ng ulat sa vaers.hhs.gov (available lamang sa Ingles).

Nakilahok ang mga taong mula sa iba't ibang lahi at etnisidad sa mga pagsubok

Sinuri ng mga siyentipiko ang bawat bakuna sa libo-libong tao.

-  Puti
-  Hispanic o Latinx
-  Black o African American
-  Asyano
-  American Indian o Native ng Alaska
-  Native Hawaiian o iba pang Pacific Islander
-  Maraming lahi
-  Hindi iniulat
-  Iba pa



²Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine", Pagpupulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee (Komite sa Pagpapayo para sa Mga Bakuna at Mga Kaugnay na Biyolohikal na Produkto). Disyembre 10, 2020, available online sa: <https://www.fda.gov/media/144245/download> (available lamang sa Ingles).

³Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Janssen Ad26.COV2.S Vaccine for the Prevention of COVID-19", Pagpupulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee. Pebrero 26, 2021, available online sa: <https://www.fda.gov/media/146217/download> (available lamang sa Ingles).

⁴Food and Drug Administration. "FDA Briefing Document: Moderna COVID-19 Vaccine", Pagpupulong ng Vaccines and Related Biological Products Advisory Committee. Disyembre 17, 2020, available online sa: <https://www.fda.gov/media/144434/download> (available lamang sa Ingles).



Ligtas at mabisa ang bakuna para sa mga bata, buntis, at sa mga taong may mga umiiral nang kondisyon sa kalusugan. Habang mas marami pang tao ang nagpapabakuna, patuloy kaming makakakuha ng mas marami pang datos tungkol sa kaligtasan at mga side effect. Ipinapakita ng datos na ligtas ang mga bakuna sa COVID-19, at bihira lang ang malalalang side effect.

Kausapin ang isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o manggagawa sa klinika kung may mga alalahanin ka tungkol sa pagpapabakuna



Mga Allergy

- Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang bakuna sa sinumang hindi allergic sa anumang sangkap ng bakuna.
- Kadalasaang naiisip na ang mga allergic na reaksyon sa mga bakuna sa COVID-19 ay dahil sa mga taba (fats) sa bakuna, na tinatawag na polyethylene glycol (PEG) at polysorbate.
- Walang karaniwang allergen na tulad ng makikita sa pagkain ang mga bakuna, kaya hindi dapat maging alalahanin ang karamihan sa iba pang allergy kapag tumatanggap ng bakuna sa COVID-19. Halimbawa, walang halong itlog, latex, at preservative ang mga bakuna.

Etika

Ang mga sangkap ng bakuna sa COVID-19 ay ligtas at kinakailangan para magawa ng mga bakuna ang kanilang trabaho. Ang isang piraso ng bakuna ng Johnson & Johnson ay gawa sa loob ng mga kopya ng cell na pinalago sa laboratoryo na orihinal na nagmula sa mga boluntaryong pagpapalaglag na naganap noong mahigit 35 taon na ang nakalilipas. Ginawa ang iba pang maraming bakuna, tulad ng para sa chickenpox (bulutong), rubella (tigdas-hangin), at hepatitis A, sa parehong paraan. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng mga cell ng tao (kabilang ang mga cell ng fetus o hindi pa ipinapanganak na sanggol), virus ng COVID-19, latex, preservative, o by-product ng hayop, kabilang na ang mga produkto ng baboy o gelatin. Hindi pinalalago ang mga bakuna sa mga itlog at walang produkto ng itlog ang mga ito.

Mga medikal na kondisyon

- Ipinakita ng mga pag-aaral na kasingligtas at kasing-epektibo ang mga bakuna sa COVID-19 sa mga taong may mga medikal na kondisyon. Dalawampu hanggang 45 porsyento ng mga kahalok sa bawat pagsubok ng bakuna ay mayroong mga kondisyong tulad ng obesity (labis na timbang), diyabetes, sakit sa puso, sakit sa atay, at HIV.
- Mayroon kaming limitadong data sa kaligtasan sa paggamit ng bakuna sa mga taong may mahihinang immune system o mga autoimmune na kondisyon. Inirerekomenda pa rin ng CDC ang bakuna para sa mga grupong ito dahil mayroon silang mas mataas na posibilidad na magkaroon ng malubhang sakit kung magkakaroon sila ng COVID-19.
- Inirerekomenda ng mga medikal na eksperto sa pagbubuntis at panganganak ang bakuna sa COVID-19 para sa mga taong buntis, nagpapasuso, o nagpaplanong maging buntis. Ipinapakita ng datos na ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas sa panahon ng pagbubuntis. Sa katunayan, ipinapakita ng ilang pag-aaral na maaaring maipasa ng nabakunahang magulang ang mga antibody laban sa COVID-19 patungo sa kanilang sanggol sa pamamagitan ng pagbubuntis at pagpapasuso. Ang mga taong buntis ay nasa panganib na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19, kabilang ang pagkamatay. Ang mga bakuna ang pinakamainam na proteksiyon.